

Filipino: Gamit sa mga Literaturang Panturismo

Asia Pacific Journal of
Multidisciplinary Research
Vol. 7 No.1, 1-6
February 2019
P-ISSN 2350-7756
E-ISSN 2350-8442
www.apjmr.com
CHED Recognized Journal
ASEAN Citation Index

Richelda P. Jolo¹, Felisa D. Marbella²

Sorsogon State College, Paaralang Gradwado, Sorsogon City, Philippines
richeldajolo@gmail.com¹; marbellafely@gmail.com²

Date Received: December 5, 2017; Date Revised: November 24, 2018

Abstract- *The use of Filipino language in tourism literature in the City of Sorsogon was identified. The researcher used descriptive-developmental design in collecting data needed in the study. Questionnaire and formal interview were used with 77 respondents. In getting respondents from the office of Philippine Information Agency and Department of Tourism, the researcher preferred purposive sampling. On the other hand, in selecting respondents from the community, Local Government Unit and tourists', random sampling was utilized. The data gathered were analyzed, and given interpretation with the help of appropriate statistics. It was found out that tourism literature written in Filipino is important. Many respondents said that there is no such literature in Filipino in the city because many of the said literature were written in English. The main contribution of tourism in improving the Filipino language is using it in any reading material about tourism. Many will learn from it because it is easy to understand. The magazine which was made must be accustomed. It is recommended to use Filipino in tourism for its development. Create more reading materials related to this using our language. Let the community be aware of such material related to tourism constructed in Filipino. The government officials should give attention to the continuous use of our language in tourism. Other researchers must conduct study related to this.*

Abstrak- *Natiyak sa pag-aaral na ito ang gamit ng Filipino sa literaturang panturismo ng Lungsod ng Sorsogon. Deskriptib-debelopmental na disenyo ang ginamit ng mananaliksik sa paglikom ng datos na kakailanganin sa pag-aaral. Isang talatanungan at pormal na interbyu ang ginamit sa pag-aaral na may pitumpo't pitong kalahok. Purposive sampling ang ginamit ng mananaliksik sa pagkuha ng respondents mula sa tanggapan ng Philippine Information Agency at Departamento ng turismo. Samantala, random sampling naman para sa pagkuha ng respondents mula sa komunidad, Local Government Unit at turista. Ang mga nakalap na datos ay inalis, at binigyang intepretasyon sa tulong ng nararapat na estadistika. Natuklasan na mahalaga ang literaturang panturismong nakasulat sa Filipino. Mas maraming nagsasabing wala pang literaturang panturismong nakasulat sa Filipino sa lungsod sapagkat ang karamihan sa mga patalastas ay nakasulat sa Ingles. Pinakapangunahing maitutulong ng turismo sa pagpapaulad ng wika ay kapag ginamit ang Filipino sa anumang babasahin patungkol sa turismo. Mas marami ang matuto nito dahil ito'y kanilang nauunawaan. Ang nagawang magasin ay dapat tangkilikin. Inirerekomenda na gamitin ang Filipino sa turismo upang higit itong mapaulad. Lumikha ng mga karagdagang babasahing kaugnay dito gamit ang Filipino. Ipaalam sa mamamayan ang babasahing patungkol sa turismong nakasulat sa Filipino. Bigyang pansin ng nanunungkulan sa pamahalaan ang puspusang paggamit ng wika sa turismo. Ang mga susunod na mananaliksik ay magsagawa ng iba pang kaugnay na pananaliksik tungkol dito.*

Susing-salita(Keywords): *Turismo (Tourism), Turista (Tourist), Literaturang Panturismo (Tourism Literary), Mga Literatura Patungkol sa Turismo (Literary About Tourism)*

INTRODUKSYON

Ang mundo ay nilikha ng Maykapal na puno ng mga likas na yaman. Maraming bansa ang biniyayaan ng mga yamang pangkalikasan. Isa na dito ang Pilipinas. Maraming magagandang tanawin ang matatagpuan sa bansa. Kung kaya't maraming mga turistang naaakit pumunta sa ating bansa upang makita ang ganda nito. Ang turismo ayon sa World Tourism Organization [1], ay isang akto ng paglalakbay para sa layunin ng reaksyon, at ang paghahanda ng serbisyo para rito. Ito ang pagtungo sa iba't ibang lugar upang makita nila kung gaano kaganda ang isang bayan o bansa. Ang mga turista sa bansa ay nahahati sa dalawa, ang mga turistang dayuhan at ang mga turistang lokal. Hindi maikakaila na halos lahat ng mga patungkol sa turismo ay nakasulat sa wikang Ingles na kung saan hindi naman lahat ng turista ay mga dayuhan bagkus ay mas marami pang turista na Pilipino at mas madali nilang

nauunawaan ang sariling wika, ang wikang Filipino. Bilang mga Pilipino, napakaganda kung pahahalagahan at tatangkilikin, natin ang sariling wika kasabay ng pagpapakilala, at pagpapataas ng ating turismo. Hindi lamang ang wikang banyaga ang susi upang maipakilala at mapataas ang turismo ng bansa. Katulad ng mga bansang Thailand, Japan, at iba pang bansang hindi gumagamit ng wikang banyaga bagkus ay mas ginagamit nila ang sarili nilang wika subalit maunlad ang kanilang turismo at ekonomiya.

Ayon sa Komisyon ng Wikang Filipino [2], hindi sapat kahit ang pagdedeklara ng "Buwang Wikang Pambansa" tuwing Agosto 1-31 sa pamamagitan ng Proklamasyon Blg.1041 upang mapaulad ang wikang Filipino. Ito ay totoong mabubuhay at yayaman sa pamamagitan ng patuloy na paggamit araw-araw ng mga mamamayan. Kaugnay ng pagpapalaganap ay

mahalagang matupad ang nakasaad na pagsasa-Filipino ng lahat ng paraan ng komunikasyon alinsunod sa EO.335 ng Pangulong Corazon C. Aquino [3].Kaugnay nito ang lubusang paglipat mula sa Patakarang Bilingguwal sa edukasyon tungo sa paggamit ng wikang Filipino sa lahat ng antas at disiplina sa mga paaralan mula elementarya hanggang kolehiyo. Kaugnay ng paglinang, kailangang hikayatin ang mga iskolar at dalubhasa upang gamitin ang Filipino bilang wika ng saliksik at talakayang akademiko, magkaroon ng malakihang pagsasalin at paglalathala sa lahat ng larangan ng edukasyon, maging wika ang Filipino sa hukuman, negosyo, industriya, at lahat ng makabuluhang mukha ng buhay ng sambayanan.

Mapanghamon ang kasalukuyang panahon, hamon na dala ng globalisasyon. Bunsod ng pagdating ng modernisasyon ay ang pagiging moderno na rin ng mga bagong henerasyon. Resulta nito'y mas ginagamit nila ang wikang banyaga kaysa sa Filipino. At minsan pa'y nagiging banyaga na sa sariling wika at para bang nakaligtaan na ang pangaral ni Dr. Jose Rizal na, ang hindi magmahal sa sariling wika'y higit pa ang amoy sa mabaho't malansang isda.

Ayon kay Villanueva [4], upang mamalas ang gampanin ng wika sa pagpapaunlad ng bansa, nararapat lamang na ang wika ay ginagamit, nauunawaan, at patuloy na pinayayaman ng lahat ng sektor ng lipunan. Isa lamang itong patunay na kailangang magkaisa tayong gamitin, at pagyamanin ang sariling wika kasabay ng pagpapakilala ng anumang yaman ng bansa.

Ang Lungsod ng Sorsogon ay isa sa mga probinsya ng Pilipinas na biniyayaan ng magagandang tanawin at atraksyong panturismo. Ito ay matatagpuan sa pinakadulong bahagi ng timog Luzon, 600 kilometro mula sa Manila. Labing dalawa hanggang labing-apat (12-14) na oras sakay ng bus ay puwede nang marating ang Lungsod at isang oras naman kung sa sasakyang panghimpapawid. Ito ay may kabuuang 214,144 hektaryang kalupaan (land area) at may 336 kilometrong baybayin (coastline).

Batay sa obserbasyon at pakikipag-ugnayan ng mananaliksik sa Departamento ng Turismo at Phil. Information Agency (PIA) sa Lungsod ng Sorsogon, napag-alaman na kulang na kulang ito ng mga literaturang panturismong nakatala gamit ang wikang Filipino. Sa pagsasaliksik din ng mananaliksik sa Provincial library at sa Museum ng Sorsogon, kulang na kulang din ang mga babasahing nakasulat sa Filipino kaugnay sa mga atraksyong panturismo ng lungsod. Maging sa pagtatanong-tanong sa mga mamamayan sa lugar na mayroong atraksyon, napag-alaman ng mananaliksik na hindi lahat sa kanila'y alam ang kuwento ng atraksyon sa kanilang lugar dahil ayon sa kanila tanging matatanda ang nakaaalam nito at hindi rin ito nakasulat at nagpapasalin-salin lamang sa isip at bibig ng mga tao. Kung kaya't napukaw ang atensiyon at interes ng mananaliksik upang pag-aralan ang bagay na ito.

PAGLALAHAD NG SULIRANIN

Layunin ng pag-aaral na ito na alamin ang mga literaturang panturismo ng lungsod ng Sorsogon. 1.

Matukoy ang kahalagahan ng literaturang panturismong nakasulat sa wikang Filipino. 2. Malaman kung may mga literatura na ba patungkol sa turismo ng lungsod ng Sorsogon gamit ang Filipino. 3. Malaman kung ano ang maitutulong ng turismo sa pagpapaunlad ng wika

PAMAMARAANG GINAMIT

Ang disenyo ng pag-aaral na ito ay deskriptib-debelopmental. Pitumpu't anim (77) ang respondents sa pag-aaral na ito na kumakatawan sa komunidad, PIA, LGU, departamento ng turismo, at turista. Purposive sampling ang ginamit sa pagpili ng respondents mula sa PIA at Departamento ng Turismo, at random sampling naman para sa komunidad, turista at LGU. Ang pag-aaral na ito ay natamo sa paggamit ng patnubay na pakikipanayam at talatanungan. Inihanda ang talatanungan upang malaman kung may mga literaturang panturismo na bang nakasulat sa wikang Filipino, matukoy ang kahalagahan ng literaturang panturismong nakasulat sa Filipino at malaman kung ano ang maitutulong ng turismo sa pagpapaunlad ng wika. Ang patnubay na pakikipanayam ay tungkol sa mga kuwento sa likod ng pagkakabuo ng atraksyon at ng pangalan nito. Pantulong na kagamitan ang teyp recorder at cellphone na ginamit sa pagteteyp ng mga kasagutan ng respondents sa katanungan ng mananaliksik. Sa tulong ng mga ito ay malinaw at kompletong naitala ng mananaliksik lahat ng mga kasagutan at mga kuwentong inilahad ng mga respondent. Ang mga nalikom na datos ay sinuri at inalisa gamit ang pagbilang (frequency count), ranggo (ranking) at bahagdan (percentage).

MGA NATUKLASAN

1.Kahalagahan ng Literaturang Panturismong Nakasulat sa Wikang Filipino.

Makikita sa Talahanayan 1 ang kahalagahan ng mga literaturang panturismo na nakasulat sa Wikang Filipino. Ipinakikita rito ang mga positibong bagay na maaaring maging dulot ng paggamit ng Filipino sa literaturang panturismo. Mapapansin sa resulta ng pag-aaral na ayon sa respondents mahalaga ang mga literaturang panturismong nakasulat sa Wikang Filipino. Animnapung (60) respondent mula sa limang (5) pangkat ang nagsabing mapapaunlad ang wika kasabay ng turismo dahil sa literaturang panturismong nakasulat sa Wikang Filipino. Hindi maikakaila na napakalaki ng naidudulot ng turismo, nariyan ang pataasin ang bilang ng mga negosyo, trabaho, at lalo na ang ekonomiya ng bansa. Sa madaling sabi, sa oras na ginamit ang wikang Filipino sa turismo ay may pagkakataon ding mapaunlad at maipakilala rin ito sa mga dayuhan. Bukod dito ay mamumulat ang mga puso at magigising ang isipan ng mga Pilipino sa kahalagahan ng paggamit ng sariling wika lalo na dito sa sariling bansa.

Kasunod nito ang 59 na respondents na nagsabing mahalaga ang literaturang panturismong nakasulat sa Wikang Filipino dahil makakatulong ito sa pagpapakilala ng kultura.

Talahanayan 1. Kahalagahan ng Literaturang Panturismong Nakasulat sa Wikang Filipino

	TUR.	PIA	LGU	KOM.	D.ngT.	Kabu-uan	Rang-go
Mapapaunlad ang wika kasabay ng turismo.	16		17	18	9	60	1
Makakatulong ito sa pagpapakilala ng kultura.	15	1	15	18	10	59	2
Magkakaroon ng karagdagang kaalaman tungkol sa atraksyon	14		17	17	9	57	3
Maipapakita ang pagmamahal sa sariling wika	11	2	16	18	9	56	4
Maipakikilala ang Filipino sa iba't ibang lahi	12		14	17	6	49	5

Pananda: *TUR- Turista; PIA-Philippine Information Agency; LGU- Local Government Unit; KOM-Komunidad; D ng T- Departamento ng Turismo*

Dahil sinasabi nga na ang bawat kuwento sa isang lugar ay palaging may kaakibat na kultura at kaugalian ng mga taong nakatira rito kung kaya't makikilala rin ng ibang lahi ang kultura ng mga taong nakatira sa lugar na kinaroroonan ng atraksyon. Ayon nga kay Saliot et.al [5] ang wika ay gamit tungo sa pagkakakilanlan ng isang bansa kasama ang kulturang umiiral dito. Sinabi rin ng 57 respondents na magkakaroon ng karagdagang kaalaman tungkol sa atraksyon dahil sa literaturang panturismong nakasulat sa Wikang Filipino. Dahil ang bawat kuwentong maisasatik ay maaaring tumagal ng maraming taon na kung saan ay magbibigay ng pagkakataon sa mga turista lokal man o dayuhan na mabasa at malaman ito. Ayon pa sa kanya ang wika ay tagapag-imbak ng mga katotohanan at kasaysayan na naganap at magaganap sa susunod pang henerasyon. Patunay lamang ito sa mga sinabi ng ilang naging respondent na magiging kasagutan ito upang manatiling buhay ang kuwento dahil kung ito ay nasa bibig at isipan lamang ng mga matatanda, sa oras na sila'y mamaalam ay sabay ding mamaalam ang istorya ng lugar.

Ayon pa rin sa respondents sinasabi nilang mahalaga ang mga literaturang panturismong nakasulat sa Wikang Filipino dahil sa ito ay magpapakita ng pagmamahal sa sariling wika. Sa pamamagitan din nito ay maipakikilala ang Filipino sa iba't ibang lahi. Labing-anim (16) sa 20 turista ang nagsasabing mapapaunlad ang wika kasabay ng turismo, maging ang mga LGU at komunidad ay naniniwala rin na ito ang kahalagahan ng literaturang panturismong nakasulat sa wikang Filipino. Samantala, bukod dito sinasabi rin ng LGU na mahalga ito dahil magkakaroon ng karagdagang kaalaman tungkol sa atraksyon. Ito ay dahil sa kaunti o iilan lamang ang mga kuwento tungkol sa mga atraksyong panturismo sa lungsod ng Sorsogon ang nakasulat lalong-lalo na gamit ang wikang Filipino, dahil karamihan lamang ay nakatago sa isip at bibig ng mga matatanda at nauungkat lamang kung may nagtatanong, na hindi naman kadalasang ginagawa ng mga turista. Kung kaya't mas maganda kung ito ay nakasulat gamit ang sariling wika bilang pagpapahalaga dito at bilang isang Pilipino.

Ang komunidad din at PIA ay naniniwala at nagsasabi na maipapakita nito ang pagmamahal sa sariling wika. Sa kadahilanang ang paggamit ng sariling wika sa anumang pagkakataon ay pagpapakita

ng pagmamahal lalo pa pagdating sa turismo na hindi lamang mga Pilipino ang makababasa kundi pati mga dayuhan. Dagdag pa ng komunidad, makatutulong ito sa pagpapakilala ng kultura, sapagkat, anumang kuwento o uri ng panitikan ay kinasasalaman ng mga kultura, gaya ng sinabi ni Arrogante [6], ito ay talaan ng buhay sapagkat dito naisisiwalat ng tao sa malikhaing paraan ang kulay ng buhay, ang buhay ng kanyang daigdig, ang daigdig na kanyang kinabibilangan at pinapangarap. Ganito rin ang nangingibabaw na kasagutan sa mga kinatawan ng Departamento ng Turismo.

Sa kabuuan ay nangingibabaw at karamihan sa respondents ng pag-aaral ay naniniwala at nagsasabing mapapaunlad ang wika kasabay ng turismo. Sa kadahilanang kapag ginamit ang Filipino sa anumang babasahin na may kinalaman sa turismo ay maaaring makasabay ito saan man makarating ang babasahin sa turismo o patungkol sa atraksyong panturismo na maghahatid ng pagkakataong mabasa, makilala at matutuhang gamitin ng sinumang makababasa nito na magiging daan upang umunlad ang wika. Uunlad dahil ito ay ginagamit.

Pinapatunayan lamang nito na kailangang gamitin ang wikang Filipino sa turismo dahil marami ang maiaambag nito sa wika maging sa mga mamamayan at maisasabay ng turismo ang wika sa pag-unlad nito.

2. Mga Literatura Patungkol sa Turismo ng Lungsod ng Sorsogon Gamit ang Filipino.

Makikita sa Talahanayan 2 ang mga literatura patungkol sa turismo sa Lungsod ng Sorsogon gamit ang Filipino. Makikita rin dito kung mayroon na o wala pang literaturang panturismo sa Lungsod ng Sorsogon. Mapapansin sa naging resulta ng pag-aaral na mas nakararami o 36 ang nagsasabing may rawitdawit na nakasulat patungkol sa turismo dito sa Sorsogon. Subalit ito ay nakasulat sa Bikol. Labing isa naman ang nagsasabing mayroon nang maikling kuwentong nakasulat sa wikang Filipino. Samantala labing dalawa naman ang nagsasabing mayroong mga tigsik patungkol sa turismo ng Sorsogon kung saan ito ay nakasulat din sa bikol. Sampu naman ang nagsasabing mayroon nang tula at apat para sa alamat. Subalit pagdating sa sanaysay ay wala kahit isa.

Talahanayan 2. Mga Literatura Patungkol sa Turismo ng Lungsod ng Sorsogon Gamit ang Filipino

	Turista	PIA	LGU	Komunidad	D.ng T	Kabuuan
Tula	2	1	2	3	2	10
Maikling Kuwento	4	0	2	5	0	11
Alamat	0	1	1	1	1	4
Sanaysay	0	0	0	0	0	0
Tigsik	5	0	3	2	2	12
Rawitdawit	8	1	9	9	9	36

Makikita rin sa resulta ng pag-aaral na mayroon nang dalawang tula, apat na maikling kuwento, limang tigsik at walong rawitdawit ang nakatalang literaturang panturismo. Habang sa PIA naman sinasabi nilang mayroon nang tula, tigsik at rawitdawit patungkol dito subalit ang mga ito ay nakasulat sa dayalekto ng Sorsogon at hindi sa wikang Filipino. Pagdating naman sa LGU, dalawa ang nagsabing mayroon nang tula, lima para sa maikling kuwento, isa sa alamat, tulo sa tigsik at siyam sa rawitdawit. Subalit ayon sa kanila ay naririnig-rinig lamang nila ito sa mga matatanda at hindi pa naisatitik o naisulat kung saan habang tumatagal ay nababawasan na dahil sa hindi na kabisado ng mga bagong henerasyon at kung minsan ay nakakalimutan na. Maging sa komunidad ay ganoon din an kanilang tinuran na itong mga kuwento ay naririnig-rinig lamang nila at hindi nila alam kung ito ba ay nakasulat na talaga o hindi pa. Tatlong respondents mula sa komunidad ang nagsasabing mayroon nang tula, samantala lima naman sa maikling kuwento, isa sa alamat, dalawa sa tigsik at nakararami ang sa rawitdawit kung saan siyam ang nagsasabing mayroon nitong nakasulat patungkol sa turismo ng Sorsogon.

Ipinapakita lamang nito nakaramihan pa ring literatura patungkol sa turismo ay nakasulat sa bikol dahil mas marami ang nagsasabing ito’y mga tigsik at rawitdawit. Kung saan ang dalawang akdang ito ay mga literatura sa rehiyong bikol.

Nangangahulugan lamang ito na kailangan pa ng karagdagang mga literaturang panturismong nakasulat sa Filipino na maaaring mabasa ng mga mamamayan nang sa gayon ay maging mulat sila sa bagay na ito.

Ngunit, hindi sapat na basta lang nakasulat bagkus ay kailangan itong ipamahagi o ipaalam sa lahat ng mamayan, dahil kitang-kitang sa pag-aaral na halos ang mga nasa Departamento ng Turismo at Phil. Information Agency lamang ang nakaaalam at nagsasabing mayroon nang mga literaturang panturismong nakasulat sa wikang Filipino habang mas marami sa mga LGU, turista lalo na sa komunidad ang hindi nakaaalam sa mga bagay na ito.

Ayon nga kay Belvez[7], mahalaga ang pagsulat sapagkat sa pamamagitan nito ay nagkakaugnayan ang mga tao kahit na sila ay magkakalayo ng lugar na kinalalagyan. Ito rin ang paraan upang maitala ang mga naganap nang pangyayaring pangkasaysayan at nang mabasa at mabatid ng mga darating na henerasyon o salinlahi.

3. Maitutulong ng Turismo sa Pagpapaunlad ng Wika.

Makikita sa Talahanayan 3 ang kahalagahan ng turismo sa pagpapaunlad ng wika. Ipinapakita rito ang pinakamahalagang dulot ng turismo sa pagpapaunlad ng wika.

Mapapansin na 59 na respondents ang nagsabi na mahalaga ang turismo sa pagpapaunlad ng wika dahil sa ito’y makatutulong sa pagpapaunlad ng wika sapagkat kapag ginagamit ang Filipino sa anumang babasahin na may kaugnayan sa turismo ay maaaring matuto rin ang mga dayuhan at gamitin ito. Limampu’t walo (58) ang nagsabi na mahalaga ito sapagkat dito ay maipapakita at maipapakilala ang ating wika at pagkatao bilang mga Pilipino maging ang ating kultura, lugar, at bansa.

Talahanayan 3. Maitutulong ng Turismo sa Pagpapaunlad ng Wika.

	TUR	PIA	LGU	KOM	D.ngT.	Kabuuan	Ranggo
Makatutulong ito sa pagpapaunlad ng wika sapagkat kapag ginagamit ang Filipino sa anumang babasahin na may kaugnayan sa turismo ay maaaring matuto rin ang mga dayuhan at gamitin ito.	19		15	17	8	59	1
Mahalaga ito sapagkat dito ay maipapakita at maipapakilala ang ating wika at pagkatao bilang mga Pilipino maging ang ating kultura, lugar, at bansa.	14	3	18	15	8	58	2
Mahalaga ito sapagkat ito ay bahagi na ng ating bansa na kung saan malaki ang sakop at partisipasyon sa bansa na maaaring makapagpapaunlad sa wika.	13		16	16	6	51	3
Mahalaga ang turismo sapagkat isa ito sa mga daan upang maipapakilala ang wika kasabay ng pagpapakilala nito.	16		9	19	6	50	4
Mahalaga ito dahil mas madali itong gamitin, ang ating wika bilang bahagi ng ating pagkatao kasabay ng pagpapakilala nito	10		16	17	2	45	5

multiple responses

Pananda: *TUR- Turista; PIA-Philippine Information Agency; LGU- Local Government Unit; KOM-Komunidad; D ng T- Departamento ng Turismo*

Sinabi rin ng 51 respondents na mahalaga ang turismo sa pagpapaunlad ng wika sapagkat ito ay bahagi na ng ating bansa na kung saan malaki ang sakop at partisipasyon sa bansa na maaaring makapagpapaunlad sa wika. Hindi maikakaila a kapag maunlad ang turismo kasabay nitong mapapalaganap ang wika kung ito ay ginamit sa pagpapalaganap.

Ayon din sa 50 respondents na mahalaga ang turismo sa pagpapaunlad ng wika sapagkat isa ito sa mga daan upang maipakilala ang wika kasabay ng pagpapakilala nito. Ito rin ay mahalaga dahil mas madaling gamitin ang ating wika bilang bahagi ng ating pagkatao kasabay sa pagpapakilala nito.

Samantala, makikita sa talahanayan na hindi parepareho ang mga nangungunang kasagutan tungkol sa kahalagahan ng turismo sa pagpapaunlad ng wika ng bawat respondent. Pagdating sa mga turista, mas marami sa kanila ang nagsasabing ang turismo ay makatutulong sa wika sapagkat kapag ginamit ang Filipino sa anumang babasahin na may kaugnayan sa turismo ay maaaring matuto rin ang mga dayuhan at gamitin ito. Dahil kung tanging wikang Filipino lamang ang gagamitin sa anumang babasahin o kahit na sa pakikipag-usap ay tiyak na pag-aaralan din ito ng mga dayuhan upang sila ay makasabay sa mga Pilipino habang sila ay namamalagi at nagsasaya rito sa Pilipinas.

Kung titingnan naman natin sa PIA at LGU, pareho ang kanilang mga nangungunang kasagutan tungkol sa kahalagahan ng turismo sa wika. Para sa tatlong PIA at labing-walo sa dalawampung LGU, mahalaga ang turismo sa pagpapaunlad ng wika sapagkat dito ay maipakikita at maipakilala ang ating wika at pagkatao bilang mga Pilipino maging ang ating kultura, lugar, at bansa.

Ayon nga kay Marcos [8], ang wika ang ginagamit na instrumento upang maunawaan at maipakilala ang kultura ng isang kalipunan ng mga taong mamamayan sa isang lugar. Kung ang wikang Filipino ay gagamitin palagi lalo na sa mga babasahing maaaring ipalaganap saan mang bahagi ng mundo ay tiyak na makikilala ito.

Pagdating naman sa komunidad, para sa kanila ay mahalaga ang turismo sapagkat isa ito sa mga daan upang maipakilala ang wika kasabay ng pagpapakilala nito. Naniniwala silang sa oras na ginamit ito sa babasahing panturismo ay makasabay din ito sa pag-unlad ng turismo. Samantala pagdating sa Departamento ng Turismo, ay dalawa ang nangibabaw nilang kasagutan pagdating sa kahalagahan ng turismo sa pagpapaunlad ng wika.

Una, mahalaga ito sapagkat dito ay maipapakita at maipapakilala ang ating wika at pagkatao bilang mga Pilipino maging ang ating kultura, lugar at bansa. Ayon nga kay Almario [9], kinakailangang ipakilala sa mundo na ang mga Pilipino ay wala na sa ilalim ng bandilang Espanyol o Amerikano. Kailangan nang mahalin ang kalayaan at kaluluwa ng bayan ang wikang sarili. Sapagkat ang wika, alin mang bansa sa sangsinukob ay siyang ginagamit na mabisang kasangkapan sa pagpapahayag ng kanilang damdamin, sa pagtuklas ng karunungan at pagtatanggol ng karapatan.

Ikalawa, makatutulong ito sa pagpapaunlad ng wika sapagkat kapag ginamit ang Filipino sa anumang babasahin na may kaugnayan sa turismo ay maaaring matuto rin ang mga dayuhan at gamitin ito. Sapagkat katulad ng ibang bansa, gaya ng Japan, Korea, Tsina at iba pa, sariling wika nila ang kanilang ginagamit sa anumang babasahin o sa kanilang bansa at ang mga pumupunta sa kanilang bansa ang siyang nag-aaral pa madaling makasabay sa paggamit ng kanilang wika. Sa madaling sabi, ay maaari ring pag-aralan ng mga dayuhan ang ating wika upang sila ay makasabay o makaunawa sa wika ng mga Pilipino.

Ang resulta ng pag-aaral ay nagpapakita at nangangahulugan lamang na malaki at marami ang maitutulong ng turismo sa pagpapaunlad ng wika. Makikita rito na halos lahat ng respondents ay nagsasabi na makatutulong ito sa pagpapaunlad ng wika sapagkat kapag ginamit ang Filipino sa anumang babasahin na may kaugnayan sa turismo ay maaaring matuto rin ang mga dayuhan at gamitin ito. Ayon sa isang dyornal na may pamagat na, Turismo-Isang Pangglobong Industriya, ang kinikita ng pamahalaan mula sa turismo ay ginagamit upang pagbutihin ang imprastruktura, maglaan ng mas mataas na antas ng edukasyon, at sapatang ang iba pang kagyat na mga pangangailangan ng bansa. Halos lahat ng pamahalaan ay nababahala na ang kanilang mga mamamayan ay may hanapbuhay. Ang mga trabahong naidudulot ng turismo ay tumutulong na masapatan ang pangangailangang ito.

Marami sa mga dayuhan ang mas nais makita ang sariling kultura ng isang bansa na pinupuntahan nila. Kadalasan na ginagawa at ginagaya nila ang kultura ng mga taong nakatira rito maging ang wikang sinasalita nito. Isang patunay ito na kailangang gamitin natin ang sariling atin lalo na ang sariling kultura at wika.

4. Magasin ng mga Literaturang Panturismo ng Lungsod ng Sorsogon

Isang magasin na kinapapalooban ng mga nilipon na kuwento ng pagkakabuo ng mga pangalan ng mga barangay at ng kuwento sa likod ng mga atraksyong panturismo ng Lungsod ng Sorsogon na nakasulat sa wikang Filipino.

Kasama ring nakapaloob dito ang mga mahahalagang impormasyon na kailangang malaman ng mga turista tungkol sa atraksyon, gaya ng transportasyon papunta rito, mga maaring pag-aliwan at iba pagamit ang wikang Filipino.

KONGKLUSYONAT REKOMENDASYON

Batay sa natuklasan sa gamit ng Filipino sa mga literaturang panturismo, nabuo ang mga sumusunod: Mahalaga ang literaturang panturismong nakasulat sa wikang Filipino sapagkat mapapaunlad nito ang wika at kultura ng isang lugar. Mas marami ang nagsasabing wala pang literaturang panturismong nakasulat sa wikang Filipino sa lungsod ng Sorsogon. Pinakapangunahing maitutulong ng turismo sa pagpapaunlad ng wika ay kapag ginamit ang Filipino sa anumang babasahin na may kaugnayan sa turismo ay maaaring matuto rin ang mga dayuhan at gamitin ito.

Inirekomenda ang sumusunod: Gamitin ang wikang Filipino sa turismo upang higit pa itong mapaunlad at mapagyaman kasabay ng pag-unlad ng turismo. Lumikha ng mga karagdagang babasahin na may kaugnayan sa turismo gamit ang wikang Filipino. Ipaalam at ibahagi sa mga mamamayan ang anumang babasahin patungkol sa turismo na nakasulat sa wikang Filipino nang sa gayo'y maging mulat sila pagdating sa bagay na ito. Bigyang pansin ng mga nanunungkulan sa pamahalaan mula nasyonal hanggang lokal ang puspusan at taos-pusong paggamit ng wikang Filipino sa pagpapakilala ng turismo.

REFERENCES/ TALASANGGUNIAN

- [1] World Tourism Organization
<https://wol.jw.org/tl/wol/d/r27/lp-tg/102002084>
- [2] Komisyon ng Wikang Filipino http://kwf.gov.ph/wp-content/uploads/2015/12/FAQ_2.4.15-1.pdf
- [3] Executive Order No. 335 August 25, 1988
https://www.lawphil.net/executive/execord/eo1988/eo_335_1988.html
- [4] Villanueva, V. M. Wikang Filipino: Wikang Panlahat, Salalayan sa Pagtatamo ng Likas-kayang Pag-unlad.
<https://goo.gl/MHeufZ>
- [5] Saliot, Melrose A. (2000). Masining na Pagpapahayag Tungo sa Pagpapaunlad ng Kasaysayan sa Pasalita at Pagsulat.
- [6] Arrogante, J. A. (2012). Ugnayan: komunikasyon sa akademikong Filipino: Navotas: Navotas Press.
- [7] Belvez, Paz M. (1997). Gamiting Filipino sa Pagbasa at Komposisyon. Rex Printing Company Inc. Quezon City.
- [8] Marcos, J. G. (2015), "Antas ng Kaalaman ng mga Mag-aaral sa Ortograpiyang Filipino: Isang Pagsusuri" Sorsogon State College, Lungsod ng Sorsogon.
- [9] Almario, V. S. (2015). Madalas Itanong Hinggil sa Wikang Pambansa. KOMISYON SA WIKANG FIIPINO. Gusaling Watson., 1610 Kalye JP Laurel, San Miguel, Maynila.

COPYRIGHTS

Copyright of this article is retained by the author/s, with first publication rights granted to APJMR. This is an open-access article distributed under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution license (<http://creativecommons.org/licenses/by/4>).